



SPIRITUALGIFTSTEST.COM

TEST NG KALOOB NG ESPIRITU ADULT

Paano kukunin ang test na ito:

Sagutin ang bawat pangungusap sa ibaba ayon sa kung sino ka, hindi kung sino ang dapat kang maging. Gaano katotoo ang mga pangungusap na ito tungkol sa iyo? Ano ang iyong mga karanasan? Ano ang sinasabi ng iba sa iyo? Sa anong degree naglalarawan ang mga pangungusap na ito tungkol sa iyong mga karaniwang ginagawa? Ang survey na ito ay may 98 tanong at ang bawat isa ay napakahalaga, kaya't sikaping huwag makaligtaan ang alinman sa mga ito. Kapag tapos ka na, gamitin ang scoring sheet sa hulihan nito upang makita kung ano ang iyong mga spiritual gifts.

Tumugon sa bawat pangungusap ayon sa sumusunod na 0-5 point scale:

- 0 = Hindi kailanman; Hindi totoo
- 1 = Hindi karaniwan; Bihirang totoo
- 2 = Paminsan-minsan; Totoo kung minsan
- 3 =Kalahati ng pagkakataon; Karaniwang totoo
- 4 =Pangkaraniwan; Maraming beses na totoo
- 5 =Sa lahat ng oras; Laging totoo

Simula:

1. _____ Mahusay akong mag-organize ng mga tao upang matupad ang iba't-ibang gawain at layunin.
2. _____ Madali kong nalalaman kapag ang isang pangungusap ay totoo sa Kasulatan o hindi.
3. _____ Malinaw at epektibo kong naibabahagi sa iba ang Ebanghelyo.

4. ____ Naniniwala ako na lahat ay nangangailangan ng encouragement sa buhay na ito, at nasisiyahan akong ibigay iyon.
5. ____ Nabubuhay ako nang may pagtitiwala dahil alam ko na ang Dios ay personal na nagmamalasakit at nakikilahok sa aking buhay.
6. ____ Simple lang ang aking pamumuhay upang makapagbigay ako ng mas malaking bahagi ng aking kinikita para sa Gawain ng Panginoon.
7. ____ Madalas akong tinatanong ng mga tao tungkol sa aking pananaw o pakahulugan sa mga specific na talata sa Kasulatan.
8. ____ May nagsabi na sa akin na ako daw ay isang “mapangarapin/dreamer”.
9. ____ Mayroon akong matinding pakikisimpatiya sa mga taong humaharap sa mahihirap na hamon ng buhay.
10. ____ Masyado akong protective/maingat sa espirituwal na kalagayan ng aking kapwa.
11. ____ May mga pagkakataon na binigyan ako ng Dios ng mensahe para sa isang tao o grupo at naudyukan akong sabihin iyon sa kanila.
12. ____ Natutuwa akong gumawa ng mga pang-araw-araw na gawain na sumusuporta sa iba’t-ibang ministryo sa iglesya.
13. ____ Nag-uukol ako ng maraming oras sa pag-aaral ng Salita ng Dios dahil alam kong ang aking ginagawa ay magbubunga ng pagkakaiba sa buhay ng ibang tao.
14. ____ Karaniwan akong may nakakatulong na insights sa mga sitwasyon na hindi pa malinaw sa iba.
15. ____ Malinaw kong nakikita ang mga bagay na kailangan gawin, at nagpapatupad ako ng plano upang matupad ito.

16. ____ Mataman kong pinakikinggan ang mga sinasabi ng mga tao, at kung paano nila ito sinasabi, particular na ang mga nagtturo.
17. ____ Nakararamdam ako ng kabigatan at pagkaawa sa mga taong naliligaw dahil wala pa sa kanila si Jesus.
18. ____ Kapag ang mga tao ay discouraged, ipinaaalala ko sa kanila ang kapangyarihan at mga pangako ng Dios na matatagpuan sa Kasulatan.
19. ____ Lubos akong nagtitiwala sa Dios na sasagutin ang aking mga panalangin ayon sa Kanyang perpektong kalooban.
20. ____ Palagian at may kagalakan akong nagkaloob mula sa aking kinikita -- madalas na higit pa sa ikapu.
21. ____ Ipinagkaloob ng Banal na Espiritu sa aking isipan ang mga kaalamang nagagamit ko para epektibong magministeryo sa iba.
22. ____ Mayroon akong pangitain para sa akng iglesya o ministeryo at alam ko kung ano ang kailangang gawin upang matupad iyon.
23. ____ Nakikita ko ang mga maysakit o nangangailangan bilang sila ang higit na nangangailangan ng pag-ibig at kalinga/comfort na iniaalok ni Jesus.
24. ____ Natutuwa akong mag-ukol ng oras sa nurturing at guiding ng iba sa kanilang pananampalataya.
25. ____ May mga pagkakataon na nakatanggap ako ng revelation o kapahayagan mula sa Panginoon at ipinahayag ko iyon sa iglesya.
26. ____ Madali akong nagbo-volunteer upang tumulong sa iglesya lalo na kapag alam kong ito'y makatutugon sa isang praktikal na pangangailangan.

27. _____ Epektibo kong naipapahayag ang Biblia sa mga paraang nakakaimpluwensiya at nakakahikayat sa iba ng lalo pang matuto.
28. _____ Natuto na ako dahil sa aking mga karanasan sa buhay at madalas ay kaya kong gabayan ang iba na humaharap sa mga katulad na kahirapan o hamon na tulad ng naranasan ko.
29. _____ Mahusay ako sa pagde-delegate ng mga tungkulin at nagtitiwala ako sa iba na “tutuparin nila ang kanilang tungkulin.”
30. _____ Mabilis at accurate ako sa pagkilatis ng character ng tao.
31. _____ Lagi akong humahanap ng pagkakataon ng makipagkaibigan sa mga hindi-Kristiyano upang magamit ako ng Panginoon sa pagbabahagi ng Ebanghelyo sa kanila.
32. _____ Nauudyukan akong hamunin at hikayatin sa paglago ang mga mananampalataya na “natutulo/stagnant” ang pananampalataya.
33. _____ Alam kong mananaig ang Dios kahit wala akong nakikitang posibleng solusyon sa aking problema.
34. _____ Kapag ako’y nagkakaloob, ikinatutuwa ko na malaman na mas maraming tao ang mapaglilingkuran at mahihipo at maaabot ng Ebanghelyo.
35. _____ Regular kong pinag-aaralan ang Biblia upang maibahagi ko ang katotohanan sa iba sa loob o labas man ng iglesia.
36. _____ Hindi ako natatakot na sumubok/take risks upang isulong ang kaharian ng Dios sa pamamagitan ng aking iglesia o ministeryo.
37. _____ Matindi ang aking malasakit sa mga nagdaramdam at nais ko silang tulungan na magtiis sa panahon ng kahirapan.

38. ____ Ninanais ko na tulungan ang mga “sugatan” at “naliligaw” upang makatagpo ng kagalingan at kanlungan kay Cristo Jesus.
39. ____ Spontaneously ay nagbigay sa akin ang Panginoon ng impormasyon tungkol sa isang tao, naramdaman kong inuudyukan ako ng Dios na harapin ng tao sa pamamagitanito, upang ibalik siya sa Panginoon.
40. ____ Nais kong manatili sa background at hindi ko kailangan ng pagkilala para sa anumang paglilingkod ko sa iglesya.
41. ____ Kaya kong ipaliwanag ang malalalim na katotohanang teolohikal sa paraang kahit ang isang bata ay maiintindihan ito.
42. ____ Madalas akong tumutulong sa mga tao sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga leksiyon sa Kasulatan at mga prinsipyo bilang solusyon sa iba’t-ibang hamon ng buhay.
43. ____ Natutuwa akong gumawa ng paraan upang mapadali at mapaayos ang takbo ng mga bagay-bagay sa aking buhay at trabaho.
44. ____ Madali kong maramdaman ang kaaway o ang presensiya ng impluwensiya ng demonyo sa isang sitwasyon.
45. ____ Ikinatutuwa kong magsaulo ng mga talata sa Biblia upang maibahagi sa mga taong hindi pa nakakikilala kay Jesus bilang kanilang sariling Tagapagligtas.
46. ____ Hindi ako natatakot na hamunin ang isang tao kapag alam ko na ito’y makakatulong sa kaniyang paglagong espirituwal at katapangan sa kanilang buhay.
47. ____ Matapang akong magpapatuloy sa isang sitwasyon kapag nararamdaman ko ang pagtawag ng Dios at ang probisyon Niya para dito.

48. _____ Naniniwala ako na ako'y pinagpapala ng Dios sa pananalapi upang ako naman ay maging pagpapala sa iglesya at sa kanyang misyon na abutin ang mga naliligaw at tulungan ang mahihirap.
49. _____ Natatandaan ko ang karamihan sa aking mga natutuhan at kaya kong alalahanin iyon agad kapag kinakailangan.
50. _____ Madali kong natutukoy ang mga lider at masaya akong tumulong sa kanila para lumago sa kanilang mga kaloob at kakayahan.
51. _____ Nagagalak akong dumamay sa mga tao laban sa mga bagyo ng buhay at ipakita sa kanila ang kalinga na ipinakita ni Jesus.
52. _____ Nagmamalasakit ako sa iglesya at gagawin ko ang kaya ko upang ito ay lumago at maging matatag sa pag-ibig.
53. _____ Inilalagay ng Dios sa aking isipan ang mga urgent na mga bagay na hindi sana nalalaman ng iglesya, subali't naipahayag ko na sa iglesya.
54. _____ Naglaan ako ng tiyak na oras sa aking linggo upang tumulong sa mga nangangailangan sa aming iglesya at sa komunidad.
55. _____ Ikinagagalit ko kapag may gumagamit ng Kasulatan nang wala sa tamang konteksto upang isulong ang sariling layunin.
56. _____ Nakikita ko kung saan patungo ang pasya at kilos ng isang grupo o tao, at naghahandog ako ng tulong upang gabayan sila sa tamang direksiyon.
57. _____ Mahalaga sa akin ang mga detalye at nag-uukol ako ng espesyal na atensiyon upang tiyakin na nagagawa ng wasto ang lahat ng bagay.
58. _____ Madalas kong nasasabi agad kung ang isang tao ay nagiging mapanloko o hindi tapat bago pa man iyon maging lantad sa ibang tao.

59. ____ Natutuwa akong ibahagi sa iba ang ginawa ni Cristo sa aking buhay at kung paano Niya ako binago.
60. ____ May mga nagsabi na sa akin na ang aking mga salita ang nag-udyok sa kanila na lumabas at lumago sa kanilang pananampalataya.
61. ____ Kahit mahirap ang mga panahon, nagtitiwala ako nang lubos sa Dios upang siyang umaliw sa akin at siyang magkaloob ng aking mga pangangailangan.
62. ____ Ang pagiging katiwala ay isang mahalagang disiplina sa aking pang-araw-araw na paglakad kasama ni Cristo.
63. ____ Gusto kong ibahagi sa iba ang mga katotohanan at insights na ipinakikita sa akin ng Dios.
64. ____ Madalas ako ang hinahanap ng mga tao upang mamuno sa isang grupo o isang proyekto.
65. ____ Kilala ako sa pagiging “mapagkalinga” at tumutulong sa iba sa kanila.
66. ____ Pangarap ko na makita ang bawat isang miyembro sa iglesia na tumutupad sa Great Commission.
67. ____ Bigla akong nakatanggap ng mensahe mula sa Dios na specific sa aming kongregasyon at ibinahagi ko iyon para sa ikatitibay ng buong iglesia.
68. ____ Kapag nakakita ako ng pangangailangan sa iglesia, basta pinupunuan ko iyon nang hindi na ako kailangan pang sabihan.
69. ____ Pinakikinggan kong mabuti ang mga salitang ginagamit ng mga tao dahil ang bawat isa ay mahalaga at may kahulugan.
70. ____ Nakakapagpakumbaba sa akin kapag may humihingi ng aking payo, kaya’t maingat ko silang tinutulungan.

71. ____ Ginagamit ko nang may katalinuhan ang aking oras.
72. ____ Ang mga bagay ay tila itim o puti lamang para sa akin; nakikita ko ang mga bagay-bagay bilang mabuti o masama, tama o mali, totoo o hindi.
73. ____ Hindi ako natatakot na makiusap sa mga tao upang maniwala sila na namatay na si Cristo Jesus para sa kanilang mga kasalanan at ipahayag Siya bilang Panginoon at Tagapagligtas.
74. ____ Kapag ang mga tao ay nahaharap sa mahihirap na kalagayan, matapang kong sinasabi sa kanila ang tungkol sa katapatan ng Dios sa Kanyang mga nilalang.
75. ____ Hindi ako malimit mag-alala dahil sa aking pagtitiwala sa kakayahan ng Dios at kagustuhan Niyang tulungan akong malampasan ang anumang sitwasyon.
76. ____ Humahanap ako ng paraan upang tumulong sa iba sa pananalapi at ibahagi ang pag-ibig ni Cristo sa kanila.
77. ____ Kaya kong iugnay ang katotohanan at realidad ng Eanghelyo sa lahat ng aspeto ng buhay.
78. ____ Hindi ako natatakot na tumayo at manguna kung may crisis situation.
79. ____ Hinahanap ko ang mga taong itinuturing na “mga patapon ang buhay” at tinutulungan silang ibalik at ituwid ang kanilang buhay.
80. ____ Ang Ebanghelyo ni Cristo Jesus ang pundasyon ng aking buhay at ministeryo.
81. ____ May mga nakakikita na madalas malinaw at direktang nagsasalita sa kanila ang Dios sa pamamagitan ng mensaheng naibahagi ko.
82. ____ Naniniwala akong may pangwalanghanggang kahalagahan sa pagtupad ng mga pang-araw-araw na gawain at serbisyo.

83. _____ Natutuwa akong matuklasan kung paanong ang Ebanghelyo ay nakapaloob sa buong Biblia habang ako'y nag-uukol ng oras sa pag-aaral nito.
84. _____ Madali kong nakikita kung aling plano o estratehiya ang pinakamabuting gamitin sa isang sitwasyon.
85. _____ Ang aking desk o mesang gawaan ay makaayos sa paraang madali kong makukuha o makikita ang anumang kailangan ko.
86. _____ May mga nagsabi na sa akin na ang aking pagkilatis o pagtingin sa mga tao, sitwasyon o mga pangungusap ay napatunayang mapagkakatiwalaan.
87. _____ Karamihan sa aking mga pakikipag-usap sa mga di-Kristiyano ay nauuwi sa aking pagsasalita sa kanila tungkol sa aking pananampalataya kay Jesus.
88. _____ Kapag ang isang tao o grupo ay naliligaw o nalalayo sa buhay na inilalaan ng Dios sa kanila, ako ay magsasalita at ipapaalala sa kanila at bumalik sa masayang buhay kapiling ni Cristo.
89. _____ Palagi kong hinihikayat ang iba upang magtiwala sa Dios sa lahat ng bagay.
90. _____ Nagkakaloob ako ng masagana at walang pagkukunwari sa ministeryo ng bayan ng Dios.
91. _____ Karaniwang naaalala ko ang talata sa Kasulatan na naaangkop sa partikular na sitwasyon.
92. _____ Ako ay mas "visionary" kaysa sa mag-isip tungkol sa mga detalye. Mas pinag-iisipan ko ang kabuuang larawan kaysa sa mga kaabalahan ng bawat araw.
93. _____ May mga nagpakita ng appreciation na pinagaan ko ang kanilang damdamin at nagministeryo ako sa kanila sa panahong bagsak ang kanilang buhay.

94. _____ Hindi ko hinahanap ang “spotlight”, subali’t tinawag ako ng Dios upang “pastulan” ang Kanyang mga tao.
95. _____ Lagi akong nakikinig sa Espiritu ng Dios at ako ay handang tumanggap ng anumang mensahe Niya para sa akin na maaari kong ibahagi sa iba.
96. _____ Ikinagagalak ko na maging katuwang sa gawain at tumutulong sa iba sa kanilang ministryo.
97. _____ Madalas ibinibigay sa akin ng Banal na Espiritu ang tamang mga salitang sasabihin kapag ako’y nagtuturo ng isahan o grupo man.
98. _____ Madalas kong nakikita ang mga bagay sa kabila ng pagkalito o di-pagkakaunawaan sa isang sitwasyon at nakapagbibigay ako ng praktikal at Biblikal na solusyon para dito.
-

Paraan ng Pagbibigay ng Score:

Isulat ang iyong score (mula 0-5) para sa bawat tanong sa kahon na may bilang ng tanong. Pagsama-samahin ang score sa bawat column at isulat ang iyong kabuuang score sa itaas ng kaugnay na Gift Code. Pagkatapos mong gawin ito, maaari mong i-tsek ang listahan sa ibaba upang makita kung ano ang spiritual gift na kahulugan ng bawat Gift Code. Ang pinakamataas na maaaring score sa alinmang gift ay 35. Mas mataas ang score, mas malakas ka sa spiritual gift na iyon base sa iyong mga naging tugon.

Scoring Matrix

	1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14
	15	16	17	18	19	20	21	22	23	24	25	26	27	28
	29	30	31	32	33	34	35	36	37	38	39	40	41	42
	43	44	45	46	47	48	49	50	51	52	53	54	55	56
	57	58	59	60	61	62	63	64	65	66	67	68	69	70
	71	72	73	74	75	76	77	78	79	80	81	82	83	84
	85	86	87	88	89	90	91	92	93	94	95	96	97	98
Total Scores														
Gift Codes	Ad	Di	Ev	Ex	Fa	Gi	Kn	Le	Me	Pa	Pr	Se	Te	Wi

Gift Codes:

Ad = Administrasyon o Pamamahala

Di = Pagintindi o Pansensya

Ev = Ebanhilasyon o Ebanhelyo

Ex = Himukin o Paghikayat

Fa = Pananampalataya o Pagtitiwala

Gi = Pagbibigay o Handog

Kn = Kaalaman o Pagalam

Le = Pamumuno o Lider

Me = Awa o Maawain

Pa = Pastor o Pastol

Pr = Propesiya o Prediksyon

Se = Paglilingkod o Serbisyo

Te = Pagtuturo o Guro

Wi = Karunungan o Pagsasagawa